# Balitang Manmin

BILANG 193 DISYEMBRE 17, 2017


# “Mga Paraan para Malugod ang Diyos sa Iglesya”

## Idinaos sa Apat na Sangay na Iglesya sa Japan ang mga Pagsamba at Pagdiriwang ng Anibersaryo at mga Pulong na may Panyong Nakapagpapagaling













Mula Oktubre 20 – Nobyembre 1, 2017, nagdaos ng mga pagsamba para sa anibersaryo at mga pulong na may panyong nakapagpapagaling sa Nagoya, Matsumoto, Tokyo, at Yamagata, Japan si Rev. Heesun Lee, Tagapatnubay na Pastor ng Manmin para sa Buong Mundo.

Noong Oktubre 22, idinaos ang unang pagpupulong sa Nagoya Manmin Church (Pastor Dokikuni Miyako). Sa ika-23 anibersaryong pagsamba, inihatid ni Rev. Lee ang mensaheng may titulong, “Stay Alert”, 1 Mga Taga-Tesalonica 5:4-6. Hinikayat niya ang mga dumalo na maging matatag sa pananampalataya, isabuhay ang katotohanan, at manatiling nakahanda. Kinahapunan, nagdaos siya ng pulong na may panyong nakapagpapagaling. Nang idalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyong dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), maraming bumuti ang paningin, gumaling ang mga sakit sa balat sa buong katawan, sakit ng ulo na matagal ng hindi nagagamot, at epekto ng stroke.


Kinabukasan, Oktubre 23, bumisita siya sa Iida Manmin Church (Pastor Seungkil Ryu) at sa Mitsubasa, isang lugar kung saan inaalagaan ang matatanda. Noong ika-24, nanguna siya sa isang seminar para sa mga pastor at pulong panalangin sa Matsumoto Manmin Church. Nagsisi at nagdesisyon ang mga dumalo. Noong ika-25, nagdaos ng isa pang pulong na may panyong nakapagpapagaling sa Matsumoto Manmin Church (Pastor Ito Masaaki). Sa kanyang mensahe, “God-pleasing Faith” (Sa Mga Hebreo 11:6), pinayuhan niya ang mga dumalo na ikumpara ang kanilang pananampalataya sa pananampalataya nina Marta, Maria, at Esther para magkaroon ng pananampalatayang nagbibigay ng lugod sa Diyos. Pagkatapos, nanalangin siyang may panyong makapangyarihan. Dahil sa panalangin, gumaling ang lahat ng sakit sa katawan at maraming tumanggap ng apoy ng Banal na Espiritu. May isang 56 taong gulang na babae na tinatawag na Kazumi, 34 na taon na siyang nagdurusa sa pagsanib ng demonyo. Tinulungan siya ni Rev. Lee para lubos na pagsisihan ang dating buhay niya, at idinalangin siya. Nakalaya mula sa demonyo ang babaing ito.

Noong Oktubre 27, idinaos ng Tokyo Manmin Church (Pastor Byeongran Choi) ang ika-9 na anibersaryo sa pamamagitan ng pagsamba at pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling. Inihatid ni Rev. Lee ang mensaheng may titulong “God-pleasing Faith” (Sa Mga Hebreo 11:6). Sinabi niya na bigyan ng lugod ang Diyos sa mga mabubuting salita at pagpapatotoo ng pananampalataya. Pagkatapos, nanalangin siya gamit ang panyo, napakaraming taong gumaling mula sa mga karamdaman, malabong mga mata, rayuma, hallux valgus, at rhinitis.


Pagdating ng Oktubre 29, siya ang nanguna sa ika-20 anibersayong pagsamba ng Yamagata Manmin Church at sa pulong panalanging Holy Spirit’s Fullness (Pastor Kilmo Kim). Sa pagsamba, ipinangaral niya ang mensaheng, “Change and the Fruit of the Shepherd” (Filipos 3:12-14). Hinikayat niya ang mga dumalo na unawain at patawarin ang ibang tao. Kinahapunan, sa pulong panalangin, nagsisayaw at nagpuri ang mga miyembro. Habang nagpupuri sa Diyos, nakapaglakad ang isang miyembrong matagal ng naninigas ang mga binti. Dahil sa panalangin, napakaraming taong gumaling mula sa mga karamdaman, tulad ng depresyon, at nalinsad na tuhod at balakang.

Ibigay natin ang buong pagpapasalamat at luwalhati sa Diyos na nagdala ng maalab na kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa mamamayan ng Japan sa pamamagitan ng pagbabago at pagpapagaling.

### Kapangyarihan ng Diyos



Litrato 1



Litrato 2

Habang nagmimisyon sa Japan, nalusaw ang pang-21 bagyong Lan at ang pang-22 na bagyong Saola (litrato 1) ay bumagal at nag-iba ng direksyon (litrato 2) dahil nanalangin si Dr. Jaerock Lee. Lahat ng ginawang pagpupulong ay matagumpay na naidaos, walang naging problema sa mga bagyo.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Mga Tunay na Manggagawa

"Magalak kayong lagi.
Manalangin kayong walang patid.
Sa lahat ng bagay ay magpasalamat
kayo, sapagkat ito ang kalooban
ng Diyos kay Cristo Jesus
para sa inyo."
(1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18)

Ang mabangong samyo ng pagpapasalamat, kagalakan, at pananalangin na iniaalay ng bawat isa sa Diyos ay magkakaiba, depende ito sa sukat ng pananampalataya at pag-ibig nila para sa Diyos.

Kung gusto ninyong maging manggagawa para sa kaharian ng Diyos, magalak kayo palagi, magpasalamat sa lahat ng bagay, at manalangin ng walang patid. Bukod dito, kung maghahandog kayo ng pagpapasalamat, kagalakan, at pananalangin na may magiliw at mabangong samyo na nagmumula sa puso, hahaplusin nito ang puso ng Diyos, magiging mahalagang manggagawa kayo para sa Kanya.

Pag-aralan natin kung paano palalawakin ang kaharian ng Diyos bilang manggagawa Niya.

### 1. Dapat hindi makasarili ang motibo ninyo

Ang makasariling motibo ay pagnanais na hanapin ang pansariling pakinabang at mga hangaring makalaman. Makasariling motibo rin ang kasibaan sa pera, katanyagan, at kapangyarihan. Ipinipilit ninyo ang personal na opinyon at kagustuhan dahil sa kapalaluan. Gusto ninyong tratuhin kayo ng maayos, makaranas ng mas maraming bagay, at mapuri at makilala dahil sa ginawa ninyo, lahat ng ito ay makasariling motibo.

Dapat isipin muna ng mga manggagawang tinawag para sa kaharian ng Diyos ang kaharian Niya, ang iglesya, at ang mga miyembro. Dapat nakahanda ang mga pastor na ibigay ang buhay nila para sa kaluwalhatian ng Panginoon at para sa mga kaluluwang ipinagkatiwala sa kanila. Dapat huwag nilang isipin ang kayamanan at katanyagan, ang mga magulang at mga anak, oras o mga bagay na kinagigiliwan nila. Alalahanin dapat nila ang kalagayan ng mga kaluluwa sa araw at gabi. Dapat pahalagahan at pagsilbihan ng mga may posisyon o tungkulin sa iglesya ang mga miyembro. Maging parang mga magulang sila sa mga miyembro bilang lider ng iglesya. Isipin ninyo ang kapakanan ng kaharian ng Diyos at ng mga miyembro nito sa halip na asawa o mga anak ninyo.

Tinatalakay sa 2 Mga Taga-Corinto 11:23-27 ang mga paghihirap na dinaanan ni apostol Pablo habang ipinapangaral ang ebanghelyo. Mas nagtrabaho siya ng mabigat kaysa sa iba, nabilanggo, binugbog ng ilang beses, nagutom, at nagtiis ng lamig ng panahon dahil walang kasuotan. Maraming beses siyang muntik mamatay. Pero hindi niya hinangad na malaman ng iba ang pagdurusang pinagdaanan niya.

Sinasabi ng 2 Mga Taga-Corinto 11:28-29, "Bukod sa mga bagay na nasa labas, ako'y araw-araw na nabibigatan sa alalahanin para sa mga iglesya. Sino ang mahina, at ako ba'y hindi mahina? Sino ang natitisod, at ako'y di nag-iinit?"

Hindi mahalaga sa kanya ang pagdurusa niya. Nabibigatan siya sa pag-aalala para sa mga iglesya. Nasasaktan siya kapag mahina ang pananampalataya ng mga mananampalataya, nag-iinit ang puso kapag may natitisod.

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Tesalonica 2:19, "Sapagkat ano ang aming pag-asa, o kagalakan, o putong ng kapurihan sa harapan ng ating Panginoong Jesus sa Kanyang pagdating? Hindi ba kayo?" Kapag tumayo na kayo sa harapan ng Panginoon, ang papuring tatanggapin ninyo ay hindi ang inyong katanyagan, kayamanan, o karangalan kundi ang mga bunga ninyo para sa Panginoon. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi ng 1 Mga Taga-Tesalonica 3:7, "Dahil dito'y naaaliw kami, mga kapatid, sa lahat ng aming kalungkutan at paghihirap sa pamamagitan ng inyong pananampalataya."

Habang nababagabag at nalulungkot si Pablo, nabalitaan niya na ang mga mananampalataya sa iglesya ng Tesalonica ay puno ng pananampalataya at pag-ibig. Gusto nilang makita si Pablo. Hindi niya pansin ang mga pagdurusa, nasiyahan siya sa mga mananampalatayang tulad ng mga ito.

Umaasa ako na kung mamamatay kayo, mamamatay kayo para sa Panginoon, at kung mabubuhay kayo, mabubuhay kayo para sa Panginoon tulad ng ginawa ni Pablo. Mabubuhay kayo para sa iglesya, para sa kaharian ng Diyos, at para sa mga mananampalataya. At umaasa ako na mabubuhay kayo bilang mga tunay na manggagawa ng Panginoon.

### 2. Dapat hanapin ang makabubuti sa ibang tao

Kung wala kayong makasariling motibo, natural lang na hanapin ninyo ang makabubuti sa ibang tao sa halip na sa sarili ninyo. Bilang lider o manggagawa ng iglesya, mahihiya kayo kapag mananalangin o gagawa kayo para sa sariling interes.

Ang problema, may mga pagkakataon na hindi ninyo namamalayan na inuuna ninyo ang sarili ninyo. Ipinipilit ninyo ang opinyon ninyo dahil iniisip ninyong kayo ang tama. Pinipilit ninyong ipagawa sa tao ang isang bagay kahit mahina pa ang pananampalataya niya. Iniisip ninyo na mas mataas ang posisyon ninyo kaysa sa iba kaya kayo dapat ang lider. Hindi ninyo gusto ang mga taong sa tingin ninyo ay hindi naglilingkod sa inyo sa paraang nararapat sa isang lider tulad ninyo.

Kung ganito ang situwasyon, hindi na kayo magiging mapayapa. Kung hindi mapayapa ang inyong kalooban, suriin ninyo ang sarili ninyo. Huwag ninyong sisihin ang mga taong bago pa lang sa pananampalataya, o kaya mga taong masama ang ugali, o malayo sa katotohanan.

Kung iisipin ninyo, "Ako ang lider, dapat akong paglingkuran at sundin ng iba. Bakit ganito ang trato nila sa akin?" Parang hindi mananampalataya ang pag-iisip na ganito. Kung batid ninyo ang katotohanan, bilang lider, kayo dapat ang maunang magsilbi, magtaguyod ng kapayapaan at katotohanan.

Batid ninyo kung paano pinaglingkuran ni Abraham si Lot. Nang magkaroon ng alitan ang tagapastol niya at ang mga tagapastol ng pamangkin niya, naghanap agad si Abraham ng paraan para mapanatili ang kapayapaan. Ang solusyon niya ay paghiwalayin ang mga hayop dahil napakarami ng mga ito sa iisang maliit na lugar. Pinauna niya ang pamangkin niyang si Lot sa pagpili ng lugar, pinili nito ang sa tingin niyang mas mabuti.

Sinabi ni Abraham sa Genesis 13:9, "Di ba nasa harapan mo ang buong lupain? Humiwalay ka sa akin; kapag kinuha mo ang nasa kaliwa, ako ay pupunta sa kanan; o kapag kinuha mo ang nasa kanan, ako ay pupunta sa kaliwa." Hindi niya naramdaman na hindi siya nirerespeto ng pamangkin niya, hindi niya ito pinagalitan. Hindi niya inisip, "Sige, siya ang unang papipiliin ko, pero bakit pinili niya ang mas mabuting lupain?"

Nais niyang unahing pagbigyan ang pakikinabangan ni Lot, taos-puso niyang hinahangad ang lahat ng mabuti para dito. Sinunod niya ang paggabay sa kanya ng Diyos. Sa ginawa niyang ito, hindi siya nawalan o natalo. Dahil dito, nalugod sa kanya ang Diyos, mas maraming pagpapala ang tinanggap niya.

Umaasa ako na tutularan ninyo si Abraham. Mas maipapahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ninyo. At dahil dito, mas maraming kaluluwa ang magnanais tumanggap ng mga biyaya at kaligtasan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ipinaliwanag ko na para maging mga tunay na manggagawa para sa kaharian ng Diyos, una sa lahat, dapat walang makasariling motibo. Pangalawa, hanapin ang makabubuti sa ibang tao. Kung hahanapin ninyo ang kaharian at kaluwalhatian ng Diyos at hahanapin ang makabubuti sa ibang tao, kayo ay palaging mapupuno ng kagalakan at pagpapasalamat.

Mas malakas ang loob ninyo kapag nananalangin kayo, pwede ninyong hilingin kahit anong bagay ng may pananampalataya. Pagkatapos, magbubunga kayo ng masagana sa lahat ng aspeto ng buhay ninyo. Ibubunga ninyo ng masagana ang Liwanag, ang kabanata ng Pag-ibig, ang Banal na Espiritu, at Mapapalad. Madali ninyong matutularan ang Panginoon.

Magbubunga din kayo ng mabubuting bunga sa mga tungkulin ninyo sa iglesya. Siyempre, tatanggapin ninyo ang mga hinahangad ng puso ninyo. Mangyayari sa buhay ninyo ang sinasabi ng salita ng Diyos na sa lahat ng bagay ay mapapabuti kayo at magkakaroon ng kalusugan, kung paanong nasa mabuti ring kalagayan ang kaluluwa ninyo (3 Juan 1:2).

Umaasa ako na makilala nawa kayo bilang mga tunay na manggagawa para sa kaharian ng Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa araw na humarap kayo sa Kanya, pupurihin kayo bilang mabuti at tapat na lingkod at manahan nawa kayo ng may dakilang kaluwalhatian.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Ang Susi sa Paglago ng Espiritu

Kapag tinanggap ninyo ang Panginoon, ibibigay sa inyo ang Banal na Espiritu bilang handog. Ang espiritu ninyo ay parang sanggol na bagong panganak, at magpapatuloy sa paglago sa pananampalataya. Lalago ang pananampalataya ninyo tulad ng maliliit na bata, mga bata, kabataan at bilang ama, nakasulat ito sa 1 Juan 2:12-14. Pero ang paglago ng pananampalataya sa bawat isang tao ay magkakaiba. Pag-usapan natin ngayon ang mga susi sa paglago ng espiritu at pagsikapang marating ang ganap na sukat ng pananampalataya na magbibigay ng lugod sa Diyos.

## Huwag mainip, sundin ang mga batayan o saligan

Para lumago ang pananampalataya, tiyakin ninyo na maaabot ninyo ang lubos na katiyakan ng pananampalataya sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos. Kung naiinip kayo sa pananampalataya ninyo mas lalong babagal ang paglago nito.

Para lumago ang pananampalataya, kilalanin ninyong mabuti ang sarili ninyo, magpatulong kayo sa Banal na Espiritu. Pero kung mamadaliin ninyo, magkakaroon kayo ng makalaman na saloobin o pag-iisip. Hindi na ninyo maririnig ang tinig ng Banal na Espiritu, mababagabag kayo, mahihirapan na kayong kilalanin ang sarili ninyo.

Pipigilan kayo nitong magkaroon ng lakas para maiwaksi ang inyong mga kakulangan kahit nakita na ninyo ang mga ito. Mas mababahala kayo dahil batid ninyo na dapat na kayong magbago.

Nagmumula sa Diyos ang espirituwal na pananampalataya, at ang pagpapala at kalakasan para maging banal ay nagmumula din sa Kanya. Kung iisipin ninyo, 'Darating ako sa ganitong antas ng pananampalataya bukas o sa isang bukas,' nagmamadali kayo, hindi ninyo makakamit ang mas malaking pananampalataya sa ganitong paraan. Dapat ninyong sundin ang bawat hakbang ng paglago ng pananampalataya hanggang sa marating ninyo ang sukat na nais ng Diyos (Mga Taga-Roma 12:3).

Ang unang hakbang ay sundin ang mga saligan ng isang Cristiano. Sumasamba sa espiritu at katotohanan, walang mga saloobin na hindi makabuluhan o nagiging antukin, nananalangin ng walang patid, nagpupuri ng taos-puso, nagbabasa ng Biblia araw-araw, ito ang mga saligan. Ang mga ito ang pagmumulan ng pananamplataya ninyo. Kaya, para lumago ang pananampalataya, hilingin ninyo ang pagpapala at kalakasan mula sa Diyos para maiwaksi ninyo ang mga bagay na dapat iwaksi, at para magawa ang mga bagay na hindi ninyo kayang gawin. Magsimula kayo sa maliliit na bagay at manampalataya (Lucas 11:11-13).

Bukod dito, tingnan ninyo kung natatandaan ninyo ang mensaheng inihatid sa mga pagsamba at kung pinagsikapan ninyong sundin ang mga ito. Madadama ninyo ang pag-ibig ng Diyos at ang pagtulong niya sa inyo na maging banal kung susundin ninyo ang Salita Niya.

## Pag-aralan ang salita ng Diyos, manalangin

Para tumanggap ng lakas para magbago ayon sa Salita ng Diyos, dapat ninyong maintindihang mabuti ang pag-ibg Niya. Sa pamamagitan ng pag-ibig Niya makikilala ninyo kung sino kayo at magkakaroon kayo ng lakas para sundin ang katotohanan.

Para matanto ang pag-ibig Niya, pag-aralan ninyo ang Salita Niya at manalangin. Maiintindihan ninyo kung ano ang perpektong pananampalataya, makikilala kung ano ang katotohanan at kasinungalingan, masusuri ang inyong pananampalataya, at malalaman kung ano ang dapat ninyong baguhin kapag pinakinggan ninyo ang Salita ng Diyos.

Pero kahit nakikinig kayo ng Salita, kung hindi naman kayo mananalangin, hindi ninyo makikilala ang sarili ninyo. O, hindi ninyo magagamit ang mensahe sa buhay ninyo. Kung hindi kayo mananalangin, hindi kayo magkakaroon ng lakas para sundin ang mensahe, mahihirapan kayo. Pero kung mananalangin kayo, mabuti ang pagdating ng salita ng Diyos sa inyo. Madarama ninyo ang pag-ibig ng Diyos na nagmamahal sa inyo, babaguhin Niya kayo.

Kung matatanto ninyo ang pag-ibig ng Diyos na nagnanais na maibigay sa inyo ang pinakamabubuting bagay, magbabago ang paraan ng pananalangin ninyo. Hindi kayo magpapaulit-ulit sa pagsasabing, "Pasensiya na, patawarin po ninyo ako," dahil alam na ninyo kung anong dapat ninyong gawin. Hindi kayo mapipilitang manalangin, at hindi ninyo sasabihing, "Iwawaksi ko ito, at ito pa."

Ganito ang magiging panalangin ninyo, "Diyos Ama, na lumikha sa akin, at palaging nagbibigay sa akin ng mabubuting bagay, minamahal kita. Nais kong sundin ang kalooban Mo. Tulungan Mo po ako na maiwaksi ang lahat ng kasalanan at kasamaan dahil nais kong maging daluyan ng kagalakan at kapanatagan na nagmumula sa Iyo, Ibigay Mo po sa akin ang pagpapala at kalakasan Mo, para mapalapit ako sa Iyo, Ama." Sa panalanging tulad nito, madadama ninyo ang mas malalim na pag-ibig ng Diyos at magkakaroon kayo ng mas malaking pananampalataya.

## Huwag maging mahina ang kalooban, huwag ikumpara sa iba ang sarili

Kung puno ng pag-ibig ng Diyos ang puso ninyo, hindi ninyo ikukumpara sa iba ang sarili ninyo. Paniniwalaan ninyong minamahal kayo ng Diyos, at minamahal din ninyo Siya. Tutulungan kayo ng paniniwalang ito na maging mapagbigay at ibabahagi ang pag-ibig na ito sa ibang tao. Pero kung hindi ninyo nadadama ang pag-ibig ng Diyos, ikukumpara ninyo ang sarili ninyo sa ibang tao. Kung iniisip ninyo na nakakalamang kayo sa ibang tao sa takbuhan ng pananampalataya, panatag ang kalooban ninyo. Pero kung sa tingin ninyo napag-iiwanan kayo, matatakot kayo, malulungkot o manghihina ang kalooban.

Kung pagsisikapan ninyong gawin ang pinakamabuti sa antas ng pananampalatayang mayroon kayo ngayon, mabuti ang pakiramdam ninyo sa lahat ng bagay. Mamahalin ninyo ang ibang tao habang napupuspos kayo ng pag-ibig ng Diyos. At dahil mahal mo ang ibang tao, magiging masaya kayo kapag pinaparangalan at pinupuri sila, parang kayo na rin ang pinahalagahan. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tatakbo kayo ng buong lakas at maniniwala kayo na maaabot ninyo ang buong sukat ngpananampalataya.

Kung may mga nauuna sa inyo, magpapasalamat kayo, at kung kayo naman ang nauuna sa kanila, magpapasalamat pa rin kayo dahil idinalangin at pinalakas ninyo ang loob nila. Kaya, hangarin ninyong mapuno ang puso ninyo ng pag-ibig ng Diyos at magalak sa katotohanan sa bawat bagay. Kung gusto ninyong magbago, isipin ninyong mabuti kung gaano ninyo pinagsisikapang mahalin ang Diyos at kung gaano ninyo inaasam ang pagpapala Niya.

Kung pinapalakas kayo ng Banal na Espiritu, kahit na tigang at kulang ang lagay ng puso ninyo, pwede ninyong baguhin ito. Una sa lahat, tumuon sa Bagong Jerusalem, ibigin ang Diyos, at maghandog ng maalab na panalangin sa Kanya na humirang sa atin at gumagabay sa atin. Gagawin Niya tayong perpekto at dadalhin Niya tayo sa Bagong Jerusalem (1 Mga Taga-Tesalonica 5:24). Dahil dito, magiging mga perpektong bunga tayo ng Diyos.

# "Nagkaroon ako ng bagong buhay dahil sa kapangyarihan ng Diyos!"

Punong Diakonesa Hyeyeon Yang, Parokya 31, Manmin Central Church




Noong Setyembre 11, 2017, nagkasipon ako na may kasamang mataas na lagnat, masakit din ang katawan ko. Hindi ko pinansin ito. Lumipas ang apat na araw, noong ika-15, biglang lumaki ang tiyan ko. Nagkaroon ito ng maraming tubig sa loob, parang siyam na buwang buntis ako. Noong ika-17, pumunta ako sa emergency room ng isang ospital. Sinuri ang dugo ko, nagsagawa din ng x-ray at CT scan. Nakita sa CT scan na may problema ako sa obaryo. Pinayuhan ako na magpasuri sa espesyalista ng OB/GYN.

Noong Setyembre 18, pumunta ako sa espesyalista ng OB/GYN. Sinabi niya na may kanser ako sa obaryo. Pinayuhan niya ako na magpasuri sa mas malaking ospital dahil malala ang kanser ko, kakaiba ang hugis nito. Pumunta ako sa isang university hospital, nakausap ko doon ang isang kilalang propesor na may malawak na kaalaman sa ganitong karamdaman. Tinanggal niya ang tubig na naipon sa tiyan ko, binasa niya ang record tungkol sa sakit ko at tiningnan ang CT scan. Sinabi niya na 90% sigurado siyang may kanser ang obaryo ko, at pinayuhan niya akong sumailalim sa PET-CT scan para malaman kung kalat na ito sa ibang bahagi ng katawan ko.

Noong ika-20, isinagawa na ang PET-CT scan. Nang lumabas ang resulta, sinabi ng doktor na dapat akong maoperahan agad dahil 99% siyang tiyak na malala na ang kanser ko sa obaryo. Sinabi pa niya na ito ay major surgery, mga walong oras gagawin. Sinabi pa niya na maging handa ako dahil may posibilidad na ikamatay ko ang operasyon.

Napag-isipisip ko na ang tanging paraan para mabuhay ako ay humiling ng panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Noong ika-22, habang nasa bundok panalanginan siya, ipinadala ko sa kanya ang sulat ko tungkol sa pagsisisi sa aking mga kasalanan. Sinabi ko sa kanya na desperado ako. Samantala, tinanggap ko ang panalanging may panyo ni Rev. Soojin Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Huminto ang pagdami ng tubig sa tiyan ko.

Noong ika-24, nabalitaan kong naipanalangin na ako ng Punong Pastor, guminhawa ang pakiramdam ko. Inisip ko na maghintay na lang sa pagkilos ng Diyos. Kinabukasan, bumisita ako sa National Cancer Center, maaga akong nag-abiso ng pagpunta ko.

Binasa ng propesor ang CT scan na isinagawa sa mga dating ospital, lumapit siya sa akin. Sinabi niya na malamang nagsimula ang knser sa malaking bituka at kumalat sa obaryo. Iminungkahi niya na dapat akong magpa-biopsy. Sinabi pa niya na kalat na kalat na ang kanser at hindi mabuti ang kalagayan ko. Ang ibig niyang sabihin sa akin ay gamutin dapat ito sa lalong madaling panahon. Pero sinabi din niya na dapat pang magsagawa ng marami pang pagsusuri bago magsimula ng panggagamot. Ipinasok na agad ako sa ospital. Sa mga sumunod na araw, Sinuri ako mula ulo hanggang paa, sinuri pati dugo ko, x-ray, CT scan sa tiyan, biopsy sa dibdib at tiyan.

Noong ika-28, sinabi ang resulta ng unang biopsy. Ayon sa biopsy mayroon akong hindi gumagaling na pamamaga! Nabigla ako, pinaulit ko ang sinabi sa akin. Sinabi niya na walang bahid ng kanser, ang mayroon ay tuberculosis, pinasok ng virus nito ang mga bituka kaya nagkaroon ng pamamaga. Sinabi din niya na dapat gamutin ng isang pulmonologist ang pamamaga.

Iba na ang kwento ngayon. Kinahapunan, pumunta ako sa isang pulmonologist. Sinigurado niya na wala akong kanser, nagsagawa siya ng mga pagsusuri sa baga ko. Sinabi din ng doktor na sumuri sa dibdib ko na wala akong kanser. Noong ika-29, Pinauwi na ako mula sa ospital. Kinabukasan, napatunayan ng sumunod na resulta ng biopsy na wala akong kanser. Hallelujah!

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos dahil malaking pagpapala sa akin ang maipanganak na muli sa espiritu at sa katawan.

# "Iningatan ng Diyos ang anak ko kaya hindi siya namatay, tumaas ang posisyon ko sa trabaho, pinagpala Niya ako!"

Diakono Lacidi Alpani Kaambe, 59 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo

Muslim ako dati, pero noong Nobyembre 2010, dinala ako ng kapatid kong lalaki sa Manmin, naging miyembro ako dito. Malaking pagpapala ang tinanggap ko sa sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na "Ang Mensahe ng Krus", ibinahagi ko ito sa pamilya ko. Ngayon, miyembro na din ang buong pamilya ko ng Manmin. Magmula ng maging miyembro kami ng Manmin, pinoprotektahan kami ng kapangyarihan ng pastol, tumatanggap kami ng maraming biyaya.

Naging sundalo ang anak kong panganay na lalaki dalawang taon na ang nakaraan. Pagkatapos ng pagsasanay, pinadala siya sa Bunia, DR Congo. Ang lugar na ito ay malapit sa kampo ng mga rebelde. Napatay ang kasama niyang sundalo at opisyal sa labanan nila ng mga rebelde, at binomba ang iba pang miyembro ng grupo nila. Pero nanatiling ligtas ang anak ko. Hallelujah!

Nasa ilalim siya ng proteksyon ng Diyos dahil idinalangin ako at ang asawa ko ng pastor ng iglesya namin gamit ang panyong dinalanginan ng Punong Pastor. Pagkatapos inilipat ang anak ko sa kampo na nasa ilalim ng kapangyarihan ng presidente. Noong Abril 2017, pinadala siya sa Kasai, maraming rebelde sa lugar na ito. Noong nakaraan, pinatay lahat ng mga pulis na ipinadala sa lugar na ito. Pero nagpadala kami ng hiling na panalangin sa Punong Pastor, tinanggap namin ang panalangin niya na lumalampas sa lugar at panahon. Nakabalik pa ang anak ko sa Kinshasa pagkatapos ng tungkulin niya.

Dahil naranasan ko ang kamanghamanghang pag-ibig ng Diyos, nagsumikap akong sumunod sa salita Niya. Nagtatrabaho ako bilang pulis at nakatalaga ako sa sangay na may kinalaman sa pagpaplano. Sa nakaraang ilang taon, hindi ko natangap ang dagdag na sweldo pati ang sweldong kabayaran sa paggawa ko ng mga delikadong tungkulin dahil sa mga opisyal na nanghihimasok. Pero sinikap kong maging mabuti, maglingkod, at gawin ang pinakamabuti sa lahat ng bagay. Nanalangin ako at nagtiwala na pagpapalain ako ng Diyos, nagtiyaga lang ako at nagpasalamat kahit kapos ako sa pera.

Samantala, noong Agosto 2017, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor na lumalampas sa lugar at panahon, habang dumadalo sa retreat sa tag-init ng Manmin sa GCN. Pagkatapos ng panalangin, biniyayaan ako ng promosyon, ako na ang Tagapamahala ng Sangay ng Pagpaplano.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714